
SA NGALAN NG ALLAH ANG PINAKAMAHABAGIN PINAKAMAAWAIN

HUWAG MANGHINA AT HUWAG MAMIGHATI

Papuri sa Allah (Subhanahu wa ta`ala), ang Panginoon ng Mundo, na nag-utos sa kanyang mga tagapaglingkod na maging totoo at matapat sa salita, at maging dedikado sa gawain, at humimok sa kanila na dumulog sa Kanya upang makamit ang kanilang mga layunin at ibig. Sumasaksi ako na walang Diyos maliban sa Allah (Subhanahu wa ta`ala), na humimok sa atin na gumawa ng mabuti, at sa kabutihang-palad ay ginabayan tayo patungo roon, at nag-utos sa atin na ipagkatiwala ang ating mga kaluluwa sa KANYA. Sinabi ng Pinakamakapangyarihan na: [At ibigay ninyo ang inyong tiwala sa Diyos kung kayo ay [talagang] naniniwala] (Surat Al-Maidah 23), at si Muhammad (Salla Allahu alayhi wa sallam), ang Kanyang tagapaglingkod at mensahero, ang pinakamabuti sa ating lahat, na humingi ng tulong mula sa Diyos sumamo sa Kanya. Siys ay nagsumikap at nagtagumpay, salamat sa Diyos (Gawaran nawa siya ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ng kapayapaan at karangalan, at pati ang kanyang pamilya, mga kasama, at sinumang nagtiwala sa kanyang paggabay at sumusunod sa kanyang Sunnah hanggang sa araw ng paghuhukom).

Mga tagapaglingkod ng Diyos!

Matakot sa Makapangyarihan Diyos at sundin ang inyong Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam), ang maging tapat sa anumang sasabihin at gagawin ninyo, at mangyaring malaman na ang totoong naniniwala ay ang taong nabubuhay na puno ng optimismo, determinasyon, at pag-initindi sa hinaharap upang, sa gayon, ay pagtagumpayan ang mga mahihirap na bagay. Siya ang ang taong binubuo ang kanyang buhay at pinagbubuti ang kanyang kilos, at ginagawa ang lahat ng kanyang

makakaya para sa Kabutihan, salamat sa kanyang nakatagong lakas at sa lahat ng mga pagkakataong ibinigay sa kanya. Itinuro ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) sa kanyang mga kasama, ayon sa salaysay ni Abu Said Al-Khudri (Radiya Allahu anhu): “Isang araw ay pumasok ang Propeta sa masjid at nakita si Abu Umaamah, at sinabi niya, "O, Abu Umaamah, bakit na nakaupo sa loob ng masjid kahit hindi pa oras ng dasal?" Sumagot siya, "O, Mensahero ng Allah, napagtagumpayan ako ng kalungkutan at mga pagkakautang." Sinabi ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam), "Hindi ba dapat ay turuan kita ng mga salita? Kung sasabihin mo ang mga ito, tatanggalin ng Allah ang iyong mga alalahanin at babayaran ang iyong mga pagkakautang." Sumagot si Abu Umaamah (Radiya Allahu anhu), "Oo, O Mensahero." Sinabi ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam), “Palagi mong sasabihin sa umaga at gabi: “O Allah, nagkukubli ako sa Iyo mula sa alalahanin at kalungkutan, mula sa kawalan ng kakayanan at katamaran, mula sa karamutan at karuwagan, mula sa problema ng mga pagkakautang at pagkagapi ng ibang tao.” Sinabi pagkatapos ni Abu Umaamah (Radiya Allahu anhu), "Sinabi ko ang mga ito at tinanggal ng Allah ang aking mga alalahanin at binayaran ang aking mga pagkakautang”.

Responsibilidad natin, mga kapatid sa pananampalataya, na isaalang-alang ang mga isyu na ito na itinuro sa atin ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) upang matuto tayo mula rito, upang ating iwasan at tanggalin ang mga ito, kung saan ating babanggtin ang naunang isyu: pighati at kalungkutan. May mga bagay na nais nating magkatotoo sa hinaharap, o mga bagay na hindi natin nais na mangyari. Maaari lagi at patuloy siyang mag-isip ng tungkol sa kanyang hinaharap nang walang ginagawang kilos sa pagpapaunlad ng kanyang sitwasyon at ng kanyang hinaharap. Ang taong ito ay nag-aaksaya ng kanyang oras sa walang katuturan at nagkukulang sa kanyang mga obligasyon, at mas mabuti pa kung magtrabaho siya nang husto at

magsipag, atipaubaya ang mga resulta sa kamay ng Panginoon. Iniutos sa atin ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) na umiwas sa alalahanin at lumayo sa pighati, dahil sa pighati, walang bagay ang naaayos at walang dalamhating gumiginhawa. Ito, sa halip, ay paglalaan ng oras sa walang katuturan at pagdaing tungkol sa kapalaran. Sinabi ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) na Makapangyarihan na: [At huwag manghina at huwag mamighati, at magiging mas nakahihigit kayo kung kayo ay [tunay] na mga naniniwala] (Surat Al-I`mran). Ang tunay na naniniwala ay dapat maghangad na maging isa sa mga mapagpasensya at matuto mula sa iba't-ibang karanasan sa buhay, dahil kung sino ang masugid ay gagantimpalaan at babayaran. Iniutos sa atin ng Makapangyarihan Diyos na maging mapagpasensya at magbigay ng mabuting balita sa mga mapagpasensya. Sinabi ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) sa Kanyang banal na aklat [At tunay na susubukin Namin kayo ng takot at gutom at pagkawala ng kayamanan at mga buhay at mga bunga, ngunit magbigay ng magandang balita sa mga mapagpasensya] (Surat Al-Baqarah).

O Mga Kapatid sa pananampalataya:

Isa sa mga bagay kung mula saan naghanap ng kanlungan ang Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) ay ang kawalan ng kakayanan at katamaran dahil tio ay dalawang seryosong bagay na pumipigil sa tao mula sa trabaho at pumipigl sa pag-abot ng kanyang mga ambisyon. Ang ibig sabihin ng kawalan ng kakayanan ay ang kawalan ng kapasidad na gumawa ng isang bagay, samantalang ang katamaran ay ang pag-iwas na gumawa ng isang bagay kahit na kaya mo itong gawin. O mga tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala), hindi dapat natin maramdaman ang kawalan ng kakayanan, sa halip ay dapat tayong tumalikod sa iba't-ibang sanhi ng kawalan ng kakayanan dahil ang tao ay dapat na ilaan ang lahat ng kanyang lakas at kapasidad sa mabuting gawain. Sinabi ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam): ((Gumawa ng mga mabubuting bagay hangga't kaya ninyo, dahil hindi napapagod ang Allah (sa

pagbibigay ng gantimpala) hanggang sa ikaw ay mapagod.)). Dapat din tayong tumalikod mula sa katamaran dahil sa simpleng dahilan na ang Allah (Subhanahu wa ta`ala), na nagmamay-ari ng kapangyarihan at kamaharlikaan, ay inilarawan ang mga mapagpaimbabaw sa pamamagitan ng pagsasabi: [Tunay, ang mga mapagpaimbabaw [ay nag-iisip na] linlangin ang Allah, ngunit Siya ang lumilinlang sa kanila. At kapag tumatayo sila para sa dasal, tumatayo sila nang may katamaran, ipinapakita [ang kanilang mga sarili sa] mga tao at hindi umaalala sa Allah maliban sa kaunti] (Surat An-Nisa' 142). O mga tagapaglingkod ng Diyos, dapat tayong maging masugid at sumama sa mga taong masigasig sa trabaho upang pagaanin ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ang ating mga paghihirap at paginhawahin ang ating mga pakiramdam ng pagkabigo.

O Mga Muslim:

Bukod sa pighati at kalungkutan, kawalan ng kakayanan at katamaran, naghanap ng kanlungan ang Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) mula sa karuwagan at karamutan. Pinagsama niya ang mga ito dahil sa mataas na kaugnayan ng sa pagitan ng mga ito, dahil ang karuwagan ay kakulangan sa sarili at ang karamutan ay kakulangan sa pera. Ang taong sakim sa debosyon sa sarili alang-alang sa pagmamataas at dignidad ay nawawalan ng desensya at mas lumalala ang kanyang moralidad. Ang tunay na matapang ay ang tao na ginagawang abala ang kanyang sarili sa mga mabubuting gawain at nagtutulak palayo sa mga masasamang gawain. Ang tao na alam kung ano ang wasto at sinusubukan ang lahat ng makakaya niya upang ibahagi ito sa iba, ang tao na alam kung ano ang kasinungalin at umiiwas dito. Ang tao na inilalaan ang kanyang pera sa pagsisilbi sa kanyang pamilya at komunidad.

O mga tagapaglingkod ng Panginoon, isa sa mga ipinagbabawal ay ang pagtabi at pagkait ng pera at hindi paglaan nito sa komunidad kapag kailangan. Sinabi ng

Allah (Subhanahu wa ta`ala) na makapangyarihan na: [At huwag hayaang iyong mga [masakim na] nagkakait ng kung ano ang ipinagkaloob sa kanila ng Allah mula sa Kanyang kapagbigayan na isiping mas mabuti ito para sa kanila. Sa halip, mas masama ito para sa kanila] (Surat Al-I`mran 180). Ang karuwagan at karamutan ay ang mga pinakamasasamang katangian ng tao. Ang karamutan ay ang paglalarawan sa mga tampalasan, samantalang ang pagiging mapagbigay ay ang katangian ng maka-Diyos. Sinabi ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam): ((Mag-ingat sa kawalan ng katarungan, dahil ang paniniil ay magiging kadiliman sa Araw ng Paghuhukom; at mag-ingat sa karamutan dahil ipinahamak nito ang mga nauna sa inyo. Nagtulak ito sa kanila na magpadanak ng dugo at ituring na legal ang hindi legal)).

O mga tagapaglingkod ng Diyos, matakot sa Panginoon at ilaan ang perang ibinigay Niya sa inyo at humanap ng kanlungan sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) mula sa kung anumang naghahatid ng mga alalahanin at kalungkutan, pagkabalisa at sakit, at pagtagumpayan ito sa pamamagitan ng pagsuko sa Diyos at pagtanggap ng kanyang kapalaran, at pagiging mapagpasensya sa anumang inilaan Niya para sa atin.

Sasabihin ko itong aking sariling kasabihan, at humihingi ako ng kapatawaran mula sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) para sa akin at sa inyo, at sa lahat ng mga Muslim, kaya humingi kayo ng kapatawaran sa Kanya, at Siya ang Tagapagpatawad, ang Maawain, at tumawag sa Kanya at Siya ay tutugon sa inyo, dahil ang Allah (Subhanahu wa ta`ala) ang Pinakamapagbigay.

Papuri sa Allah na nag-aangat ng mga antas at nagpapatawad ng mga kasalanan, at ang nakakaalam ng lahat ng iyong mga ginawa. Sumasaksi ako na walang diyos na karapat-dapat sa pagsamba maliban sa Allah, ang nagpapaumanhin at

nagpapatawad, at na si Muhammad ay kanyang tagapaglingkod at mensahero, ninuno ng Adnan, nagbenta at bumili, humiram at nagpahiram, at mapagparaya sa pagbenta at pagbili, pagbigay at pagkuha, at gawaran nawa ng kapayapaan ang kanyang pamilya, mga kasama at mga tagasunod hanggang sa araw ng paghuhukom. O mga tagapaglingkod ng Diyos:

Tinapos ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) ang kanyang pagsamo sa pamamagitan ng ((Nagkukubli ako sa Iyo mula sa problema ng mga pagkakautan at mula sa pagkagapi ng ibang tao)), at dito, ang pagkakautang mula kung saan nagkubli ang Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) ay ang pagkakautang na gumagapi sa tao kung kaya umiiwas siyang humarap sa mga tao dahil sa kahihyan. Samantala, walang masama kung magkaroon ng pagkakautang ang isang tao dahil sa mahalagang pangangailangan, at determinado siya na magbayad at tumupad dito. Ang taong ito ay tatanggap ng suporta, tulong, at kaloob ng Diyos. Ang Mensahero (Salla Allahu alayhi wa sallam) ng makapangyarihang Diyos ay nagsabi: ((Kung sinuman ang kumuha ng pera mula sa mga tao na may intensyong bayaran ito, babayaran ito ng Allah para sa kanya, at simunang kumuha nito upang abusuhin ito, sisirain siya ng Allah)). Ang Islam, sa umpisa pa lang, ay nagbabala sa mga tao tungkol sa pagkakaroon ng pagkakautang maliban kapag may mga malilinaw at maliliwanag na dahilan o importanteng pangangailangan, dahil sa kanyang labis na kagustuhang mamuhay ang mga tao nang maligaya, walang alalahanin, at puno ng dignidad, at nang hindi humaharap sa mga sitwasyon ng pagkabalisa at kahihyan. Ang taong matalino at may malawak na pag-iisip ay ang sinumang naglalaan sa kanyang pera nang matipid, nag-aayos ng kanyang sarili, at hindi nagmamaliit ng mga pagkakautang hanggang sa ito ay dumami nang hindi naman kailangan. Ang panganib ng mga pagkakautang at ang mapapait na epekto nito at hindi lamang sa buhay ng tao, higit pa ay sinisira nito ang kanyang kapalaran tadhana sa kabilang-

buhay. Sinumang may pagkakautang ay kailangang pakawalan ang kanyang sarili mula sa nagpautang at magbayad kaagad nang walang pag-aatubili o pagpapabaya. Ang pagkabigong magbayad ng pagkakautang ay nangangahulugang pagkakaroon ng (hindi legal) haram na salapi. Sinabi ng Makapangyarihang Diyos: [At huwag gumamit ng kayamanan ng ibang tao nang hindi makatuwiran] (Surat Al-Baqarah 188) at sinumang magkaroon ng pagkakautang at walang intensyong bayaran ito ay naghahatid sa kanyang sarili ng kasalanan at problema. Sinabi ng maluwalhating Diyos na: [Ang sinumang bumali sa kanyang salita ay binabali lamang ito sa kanyang kapinsalaan. Ang sinumang tumupad sa kanyang pangako sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) – bibigyan siya Nito ng napakalaking gantimpala] (Surat Al-Fath 10). May mga ilang taong nagkakaroon ng mga pagkakautang hindi dahil sa importanteng pangangailangan, ngunit para bigyang-kasiyahan ang kanilang kasakiman o pagnanais na magpasikat, o para lamang sa walang katuturang katuwaan o kasiyahan o anumang walang-saysay na layunin at mga hindi importanteng nilalayon. Ang mga taong iyon ay nagdulot sa kanilang mga sarili ng pagkasaid, sakit at pagdurusa dahil sa kanilang pagkabigong mabayaran ang kanilang mga pagkakautang.

O tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala), matakot sa Makapangyarihang Diyos, at kung anuman ang ibigay sa inyo ng Mensahero (Salla Allahu alayhi wa sallam), kunin ninyo ito, at kung anuman ang ipagbawal niya sa inyo, iwasan ito.

O Allah! Hinihiling namin sa Iyo ang kabutihan na siya ring hiniling ng Iyong Propeta at Tagapaglingkod na si Muhammad, at nagkukubli kami sa Iyo mula sa mga kasamaan kung mula saan nagkubli rin ang Iyong Propeta at Tagapaglingkod na si Muhammad.

Kaya, ipadala ang inyong pagpapala sa pinuno ng mga Mensahero (Salla Allahu alayhi wa sallam), tulad ng utos sa inyo ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) sa Banal na

Aklat na sa pamamagitan ng pagsasabi ng: [Tunay nga, ang Allah at ang Kanyang mga Anghel ay nagpadala ng mga pagpapala sa Propeta. O kayong mga naniniwala! Magpadala ng mga pagpapala sa kanya at salubungin siya (na may) mga pagbati] (Surat Alhazab 56).

O Allah! Ipadala Mo ang Iyong awa kay Muhammad at sa pamilya ni Muhammad, tulad ng pagpapadala Mo ng Iyong awa kay Ibrahim (Abraham) at sa pamilya ni Ibrahim (Abraham). At ipadala Mo ang Iyong mga pagpapala kay Muhammad at sa pamilya ni Muhammad, tulad ng pagpapadala Mo ng Iyong mga pagpapala kay Ibrahim (Abraham) at sa pamilya ni Ibrahim (Abraham). Tunay na ikaw ang Pinakakarapatdapat sa Papuri, Pinakadakila.

O Allah! Malugod nawa sa kanyang mga Makatuwirang Kalipa, kanyang mga asawa at ina ng mga naniniwala, kanyang mga kasama at lahat ng mga naniniwala, lalaki at babae sa Araw ng Paghuhukom, at malugod rin sa amin sa Iyong Awa, O Pinakamaawain.

O Allah! Pagpalain ang aming pagtitipon dito ngayon, at nawa'y humayo kami sa kapayapaan at sa proteksyon mula sa kasalanan, at huwag kaming gawing nagkukulang sa aming relihiyon.

O Allah! Hinihingi namin sa Iyo ang gabay, debosyon, kalinisang-puri, at kayamanan.

O Allah! Hinihingi namin sa Iyo na gawaran ang bawat isa sa amin ng tapat na dila, ng mapagpakumbaba at nagsisising puso, ng mga mabubuting gawain, ng kapaki-pakinabang na kaalaman, ng matatag na paniniwala, ng dalisay na pananampalataya, at ng matuwid at pinagpalang kabuhayan. O Allah, Ikaw ang Pinakadakila at Pinakamarangal.

O Allah! Gawaran nawa ng kaluwalhatian ang Islam at mga Muslim! At gawaran ng suporta at pagkakaisa ang Islam at mga Muslim, O Allah! Pahulugin ang mga

maniniil at hindi naniniwala. O Allah! Gawaran nawa ng kapayapaan at seguridad ang lahat ng iyong mga tagapaglingkod.

O Allah! Gawaran ng seguridad ang aming mga tinubuang lupa! Gawaran kami ng tumatagal na kaligtasan at katatagan sa aming tinubuang lupa! Gawaran ng kaluwalhatian ang aming Sultan at suportahan siya ng katotohanan at gawin siyang gabay sa katotohanan.

O Allah! Padalhan kami ng ulan mula sa kalangitan at gawin kaming isa sa mga nakakaalala sa Iyo sa araw at gabi, at isa sa mga naghahangad ng Iyong kapatawaran sa gabi at madaling-araw.

O Allah! Padalhan kami ng mga pagpapala ng kalangitan at kasaganaan ng lupa, at pagpalain ang aming mga prutas at pananim at ang aming buong kabuhayan. O Allah, Ikaw ang Pinakadakila at Pinakamarangal.

O Allah! Bigyan kami ng kabutihan sa mundong ito at sa kabilang-buhay, at protektahan kami mula sa parusa ng Apoy."

O Allah! Huwag hayaang ang aming mga puso ay tumalikod matapos Mo kaming gabayan, at gawaran kami ng Iyong awa. Tunay nga, Ikaw ang Tagapagpakaloob.

O Allah! Nagkamali kami sa aming mga sarili, ang kung hindi Mo kami patatawarin at hindi kami bibigyan ng awa, siguradong magiging isa kami sa mga talunan."

O Allah! Patawarin ang lahat ng mga naniniwalang lalaki at babae, ang mga nabubuhay pa at mga nangamatay na, at Ikaw ang Pinaka-nakikinig at Pinaka-tumutugon.

Mga tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala)! "Ipinag-uutos ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ang hustisya, ang paggawa ng mabuti, at kagandahang-loob sa mga kaibigan at kamag-anak, at ipinagbabawal Niya ang lahat ng mga nakakahiyang gawain, at kawalang-hustisya, at paghihimagsik: Ipinag-uutos Niya sa iyo, upang sa gayon ay iyong maalala."